**COPYRIGHT NOTICE**

This work shall solely be used for academic purposes and shall not serve any personal gain or commercial advantage. Further, distribution and/or reproduction in any form or means is not allowed without the permission from the author or publisher.

departamento ng aralin sa sining

art studies

# ART STUDIES JOURNAL©

VOLUME 2 NUMBER 1
DECEMBER 1994

© All Rights Reserved.
This Journal may not be reproduced, in whole or in par
from the respective authors and the Departmer
UP Diliman

GIFT 01 OCT 1999

ART STUDIES
JOURNAL
vol 2, no 1 D 1994
RED 8½ x 11

# Panghihimasok Sa Kultura: Ang Karanasan Ng Gasan, Marinduque

CECILIA B. STA. MARIA

*Ang papel na ito ay naglalayong maibahagi ang isang natatanging karanasan ng may akda sa "pakikipanuluyan" sa Gasan, Marinduque na nagsimula noong 1992. Ang karanasang ito ay nabuo sa posisyon ko bilang isang manggagawang kultural at akademiko na binubuno ang konsepto ng "cultural revitalization" at "contemporization." Ang una ay tumutukoy sa pagbibigay sigla ng isang lipunan sa kanilang mga tradisyon sa konteksto ng kanilang pag-unawa at pagpapakahulugan na hindi lumalayo sa mga tradisyunal na porma ng sining, bagamat maaaring nagbabago ang kahulugan ng mga simbolismo. Samantalang ang ikalawa ay tumutukoy sa pagsasalin ng nilalaman at porma ng isang tradisyunal na dula sa kasalukuyang konteksto at isyu na bumabalot sa lipunan. Ang karanasang ilalahad ay nangyari noong 1992 sa gitna ng preparasyon ng bayan ng Gasan para sa Mahal na Araw kung saan ang may-akda ay kasapi ng PETA Regional Theater Program na nakapailalim sa School of People's Theater.*

## PAGSASALARAWAN NG KARANASAN

### Ang Pagtatagpo

Hindi na bago ang ideya ng "panghihimasok" ng PETA sa usaping kultural ng isang bayan. Mula sa misyon nito na mapalaganap ang konsepto ng *dulaang bayan* sa sambayanang Pilipino, napapaloob na rito ang assumption na tayo ay mga pantas o eksperto sa pag-unawa ng kulturang Pinoy. Magandang pakinggan ngunit punong-puno ng patibong ang ganitong pag-iisip. Sa parte natin, kung minsan ay nababaon na tayo sa mga pormula na subok sa panahon, sa iba't ibang lugar. Nakakaligtaan natin na ang lipunan at kultura ay may kani-kaniyang katangian sa bawat panahon at lugar. Kung kaya't umusbong ang ideya ng pag-uugat ng buhay na dulaang bayan sa mga rehiyon na may sariling kultura at tradisyon ng dulaan. Sa pagnanais na magmula sa loob ang porma at kahulugan, ang PETA ang siyang tutulong sa pagbibigay-sigla muli sa mga tradisyon na ito.

Ito ang sitwasyon na pinasukan namin noong 1992 sa pagpunta sa Gasan, Marinduque upang makatulong sa pagpapalabas ng tradisyon ng *Pugutan* sa imbitasyon ni Mayor Lourdes Mendoza. Ilang alituntunin ang niliwanag ng team sa pakikitungo sa mga tao doon. Bilang mga manggagawang pangkultura, naging malinaw sa amin na itinuturing kami na taga-labas ng mga tao sa kung kayat mahalaga ang pananaliksik pangkultura upang maunawaan ang dinamismo ng lipunang Gasan at upang mapag-alaman na rin ang kadahilanan kung bakit nabagot ang mga tao sa kanilang tradisyon.

Napag-alaman na hindi bago sa karanasan ng mga tao doon ang mga taong nanghihimasok. Bilang puntahan ng mga turista, natutunan na nila na iangkop ang kanilang tradisyon ng paggawa ng

maskara at ang presentasyon ng Pugutan para sa mga dayuhan. Kung noong araw ay isa itong sagradong pagpapanata ng iba't ibang sektor ng lipunan, dumating ang iskrip ni Celso Carunungan noong 1974 upang maisaayos ang istorya na may katumbas rin ng pagbabago sa istilo ng pagsasadula. Mula sa spontaneous na habulan sa bayan, napako ang istorya ni Longhino sa entablado sa plaza na inako ng DECS sa mga nakakaraang taon. Nag-imbita rin ng mga taga-labas o mga mandudulang taga-Maynila na sa palagay nila ay makakatulong sa pagdidirihe at teknikal na pangangailangan, ngunit hindi naisa-alang-alang ang lokal na kondisyon ng maliit na pamayanang ito upang maging matagumpay ang pagpapasok ng mga kaalamang dayuhan.

Ang ikinabubuhay sa bayang ito ay pangingisda, pagsasaka, handicrafts, at turismo. Tahimik sa buong taon ngunit buhay na buhay tuwing Mahal na Araw dahil sa tradisyon ng Moriones. Ang Pagsusuot ng maskarang Romano na lumilibot sa bayan ay isang panata na hanggang sa kasalukuyan ay buhay pa rin bagamat marami na rin ang nababayarang tao na magsuot para sa mga turista. Sa ibang uri ng kanilang mga gawain, nandiyan ang kalutang ensemble at manganganta sa tradisyon ng pugutan; maskara; mga higante; at pag-uukit ng "ibunan" sa sining biswal. Sa bayang ito makikita ang pagsasanib ng ispiritwal na paniniwala at ng pangangailangan na pangkabuhayan na ibinanbanaag ng kanilang mga sining. Ang mga tao ay bukas ang mga mata sa kanilang kalagayan ngunit nagkukulang sa aksyon upang mapagbago ang kanilang sitwasyon.

Sa tunggalian ng lipunang ito nabuo rin ang kasaysayan ng kanilang tradisyon ng Pugutan. Sinasabing isang Mejikanong pari noong panahon ng Kastila ang nagdala nito sa Marinduque na sa pagdaan ng panahon ay naging panata ng mga tao sa kanilang kahilingan at pagpapasalamat sa diyos. Ang pagsusuot ng maskara ay isang sekretong sakripisyo na makikitaan ng malikhaing paggamit ng mga materyales mula sa kapaligirang agrikultural tulad ng kahoy, tistis ng niyog, saha ng saging, tikbi, at mga makukulay na bulaklak.

Ang istorya ni Longhino ay nakasentro sa punto ng paghabol sa kanya ng mga Romanong sundalo ni Pilato. Ang imahe ni Longhino ay bulag ang isang mata. Hahabulin siya sa bayan ng mga senturyon at mahuhuli at makakawala ng dalawang beses. Sa ikatlong pagkakataon ay mahuhuli siya, dadalhin sa plaza at ang pupugutan ng ulo. Natural, spontaneous, at punong puno ng aksyon ang tradisyong ito sa Linggo ng Pagkabuhay. Nakakatuwa at nakakapagod dahil naksalalay kay Longhino na magtatago sa anumang bahagi ng bayan.

Nagkaroon ng pagbabago sa porma ng dulang ito ng maisagawang iskrip ng "Longhino: Buhay at Pagpapakasakit." Mahahabang dayalogo at pag-ibabaw ng karakter ni Pilato at Claudia, kinailangan ang mga taong artikulante na lumabas dito sa halip ang mga magsasakang namamanata. Natural na ang mga guro at ng lumaon ay estudyante ng mga paaralan ang umako ng palabas. Sa pagdaan ng panahon ay kinatamaran na itong panoorin ng mga tao dahil sa walang pagbabago. Humingi naman ng tulong ang pamahalaan sa mga mandudulang mula sa Maynila ngunit kakatawa lamang ang mga resulta. Nang lumaon ay dinagdagan na ng mga tao ng belly-dancing ang panaginip ni Pilato at sa pagkakataong ito ay dinagsa ng mga manonood. Ito ay umabot sa punto na tila nalimutan na yata ng lahat ang aral ng Pugutan at nasentro sa pananamit at sayaw ng kababaihan.

Sa tunggaliang ito mula sa loob ng lipunang Gasan at tunggalian nila sa kulturang labas ay pumasok ang PETA sa isang papel na napakaselan. Ayaw na raw ng mga tao na mag-palabas at PETA na lang! Totoo ba ito at ano ang basehan ng sentimiyentong ito? Sa pagsasaliksik ay nakita na ang kinatatamaran lamang ng mga tao ay ang porma ng dula na ginagawa nila nitong huling sampung taon. Ngunit ang mensahe ng Pugutan ay buhay na buhay pa rin sa kasalukuyan.

Ang kasaysayan ng panghihimasok ng taga-labas sa pamayanang labas ay hindi na bago. Ngunit malinaw na mahalagang katanungan ay "Anong uri ng panghihimasok ang totoong makakatulong sa mga taga-Gasan?" Sa puntong ito ng pagsasabuhay-muli ng kulturang tradisyunal ay kailangang makita mismo ng mga tao ang kanilang pinagdaanang kasaysayan ng tradisyon at ang pagmumulat-isip na nasa kamay nila ang kapangyarihan na baguhin ito ayon sa kasalukuyan nilang saloobin.

## Mga Pangyayari

Walang ibayong konsultasyon ang isinagawa ng team upang mailagay sa konteksto ang binabalak na proyekto. Mga guro at matatanda na nakalahok sa pagpapalabas ay naka-usap upang makita ang pugutan noong kanilang kabataan at ano ito ngayon. Nakitang ang kanilang pagpapakahulugan sa buhay ni Longhino ay ang simpleng "renewal of Christian faith." Samantala ang mga kabataan naman ay hindi na ma-artikula ang kahulugan sa kanila ng buhay ni Longhino - kasi nga raw ay kinagisnan at kinagawian na lang nila ito.

Malawak na pananaliksik pangkultura ang isinagawa ng team upang matunton ang mga ideya ng mga tao ukol sa kanilang tradisyon at pati na rin sa kanilang buhay. Pagmamasid, pakiki-pagkwentuhan, at pakikisama ay isinagawa namin upang makuha ang ritmo ng lugar. Halimbawa ay ang paglalambang na sistema ng pangingisda ay higit na naunawaan dahil sumama kami sa mga pangingisda.

Sa pamamagitan ng dayalogo ay natunton din ang kahulugan ni Longhino bilang isang "folk hero" o bayani ng bayan na napili ng Gasan na magsimbolo sa kanila. Siya pala ang bayaning nanindigan sa katotohanan na malinaw sa lahat ng sektor na may kabuluhan sa kanilang buhay. Mula sa pananaliksik at dayalogo sa mga sektor ng magsasaka ng Baryo Binhi, mangingisda ng Baryo Banot, at mga tindera sa palengke ng Gasan, sila rin ay sumang-ayon sa ideya ng isang Longhino na may kaugnayan sa kanilang buhay.

Ang pagpupukaw sa mga tao na isipin muli si Longhino sa punto de bista ng kasalukuyan ay nag-udyok na rin ng mungkahi na rebisahin ang isinulat ni Carunungan upang ma-isasa-konteksto ang habulan kung saan ang mga sektor ang tatakbuhan at makakausap ni Longhino. Tinatawag na "Bagong Longhino," ang mga tao mismo ang nagsulat mula sa napagkasunduang balangkas at lengguwahe. Binuo rin ang mga musika na gagamitan ng tradisyunal na kalutang, samantalang sa sining-biswal ay binuhay muli ang tradisyunal na Higantes at paggamit ng mga katutubong-kagamitan sa kasuotan ni Longhino.

Maikling panahon lamang ang naisagawang rehersal noong mahal na araw kung ikokonsidera na halos 120 ang cast, apat na lugar sa bayan ang tatakbuhan (plaza, tabing-bundok, palengke at dalampasigan), pag-aarnis sa mga lansangan, at ang mga tao ay abala rin sa ritwal ng mahal na araw. Isang magandang karanasan ng team ay ang pag-oobserba sa mga simbolo ng kanilang mga ritwal na nakita sa mga prusisyon at pag-aako nito sa palabas bilang simbolo ng buhay at kamatayan. Halimbawa rito ay ang mga dahon ng papua na isinusuot ng mga namamanatang babae na nakasuot ng itim at nakayapak at ang pagpuputong ng bulaklak sa mga tatlong higanteng Longhino bilang tanda ng pagpupugay sa mga bagong Bayani.

Hindi rin naman ganoon kadali ang pagtanggap ng mga ideya sa panig ng PETA at ng mga taga-Gasan. Sa mga ideya namin na sa tingin namin ay hindi nila tanggap ay madali naman kami na binabawi. Halimbawa nito ay ang mungkahi namin na tatlong Longhino ang pupugutan upang magsimbolo ng tatlong sektor. Tumahimik ang mga tao rito sapagkat sa paniniwala nila ay isa lamang talaga si Longhino.

Ngunit lumilitaw rin ang pagkakataon na ipinagdiinan namin ang aming paninindigan tulad ng ayaw isuot ni Mang Erning na siyang Longhino ang kasuotang Romano na yari sa tistis ng niyog at saha ng saging. Mas gusto kasi niya ay ang ipinatahing damit na mukhang tunay na sundalo. Kinumbinsi namin siya na mahalagang maiba siya sa karamihan at upang ipakita rin sa mga manonood na maaaring gumamit ng mga bagay lamang sa kapaligiran at hindi na masyadong magastos sa kasuotan.

Ngunit mas mahalaga ay ang mga napulot naming aral tungkol sa pagtanggap at di-pagtanggap ng estetika na katutubo sa lugar. Nangyari ito sa mga anghel na sasayaw sa resureksiyon ni Kristo bilang simbolismo ng pagkabuhay niya. Sinasabi sa amin na may mga anghel tuwing salubong sa madaling araw ng linggo na gaganapan ng mga novicia. Maganda ang oportunidad dahil wala ng gastos. Ngunit hindi kami handa sa mga nangyari. Pinanood namin ang salubong at nakita namin ang mga "anghel."

Lahat sila ay nakasuot pang-sagala sa kasal o kaya ay debut! Naglalakihang ribbong sa buhok at kontodo make-up, pati na puting high-heeled shoes! Ito ba ang mga anghel na sasayaw alas-diyes ng umaga ring ito? Hindi man kami nag-uusap ngunit ang imahe naming lahat ng anghel na nagsasayaw ay mga puting kumot na umiindayog sa hangin at simple lamang ang itsura. Sa matagal na pagtatalo kung ano ang gagawin, lumabas ang ideya na ang aming hinahanap ay mga anghel na Israelita! Lahat kami ay may dala-dalang estetiko na hindi ayon sa karanasan ng mga taga-Gasan. Ilang taon na nilang nakikita ang mga "anghel" ng salubong? Lumabas ang katotohanan na sila ay walang problema sa pagtingin sa mga anghel na ito; tayo lamang. Sa palabas ay sumayaw ang mga anghel na ito; pinaalis lang namin ang sapatos at ribon sa buhok na pinalitan ng puti nilang belo sa pagsisimba.

Sa palabas mismo, nakakapagod na takbuhan ang ginawa kapwa ng mga artista at mga manonood. Literal na naging entablado ang bayan ng Gasan sa dula-lansangan na ito. Inspirado ang mga sektor ng mangingisda, magsasaka, at mga tindera (sa ebalwasyon ay nahihiya nilang sinabi na uminom daw sila tigisang baso ng tuba para lumakas ang loob!). Magkahalong mangha, pawis, at tuwa sa parte ng mga manonood. Masigla ang lahat at tuon ang pakikinig at panonood. Habang nagtatakbuhan ay nadinig ko ang sabi ng isang babae: "Ang hirap pala ng ginawa ni Longhino!" Sa wakas ay buhay na si Longhino, buhay na siya sa puso ng mga taga-Gasan. Ano pa't ang buong palabas ay naging isang uri ng panata.

Ang mga nagpakahirap ay naunawaan ang lahat samantalang ang naghihintay lamang sa palasyo ni Pilato ay kalahati lamang ng konsultasyon: May tanong na papaano ang mga turista? Sinagot nila ito mismo sa pagsasabing "Kanino ba itong palabas? Sa turista o sa atin? Dito natin makikita kung sino talaga ang may paninindigan at kung sino ang wala!" Di yata't ang pagtakbo ay naging simbolismo rin ng paninindigan at panata sa naninindigan sa katotohanan, hindi na lamang simpleng palabas tuwing Linggo ng Pagkabuhay.

Sa interaksyon na ito sa pagitan ng mga kalahok at manonood na makikita natin na nabubuo pa ang isang kahulugan na tradisyon ng Pugutan. Hindi lamang ito istorya ni Longhino kundi pagpapahayag ng mga saloobin ng mga tao ukol sa kanilang kapaligirang panlipunan. Ang mahalagang katanungan ay kung ano ang papel na ginagampanan naming mga taga-labas. Kami ba ay catalyzer o simpleng observer o saksi sa pangyayari? Pumasok ba sa mga tao ang bagong pagpapalabas? Sa mga kasagutan dito ay masasagot ang katanungan ng kaangkupan ng mga konsepto ng kontemporarisasyon at cultural revitalization.